*Sa Ingit ng Pinto*

Kreeeeeeeeeeeeeeeekkk—ang maingay at mahabang ingit ng bisagra ng pinto ang kadalasang bumabasag sa nakabibinging katahimikan ng silid aklatan sa bawat pagbisi-ta rito ninuman. Kasabay nito ay ang natatanging halimuyak na dala ng mga naagnas na antigong libro na kadalasang nakatago sa sulok o di kaya naman ng mga makaba-gong libro na may bahid pa ng amoy pabrika. Ilan lamang ito sa mga bagay na hi-nahanap-hanap at binabalik-balikan ko sa t'wing ako'y nagagawi sa silid aklatan upang humiram ng samu't saring librong pangakademiko.

Sa simula't sapul nang ako'y magpatihulog sa malalim na bangin ng edukasyong pormal, kasa-kasama ko na ang aking mga nagkakapalang libro. Araw-araw, nakukuba ang aking likuran sa aking bawat pagpasok sa paaralan dala ang mga ito. Animo'y mga sardinas sa loob ng lata kung sila ay aking pagkasiyahin sa loob ng aking mumunting tampipi. Madalas ko pang balutan ng plastik ang aking mga libro upang mailayo ito sa pagkasira lalong-lalo na sa tubig ulan kapag bagyo. Kung sakaling mawala man, tiyak na ang aking pangalan na nakasulat gamit ang matitingkad na tinta ng bolpen ang magsisilbing mapa at kompas ng sinumang mangyaring makapulot nito.

Sadyang kakat'wang pagmasdan ang pagbabago sa bawat aklat na nasasalat ng aking mga palad. **Ibang panahon, ibang edisyon** wari nila.

Sariwa pa sa aking ala-ala kung gaano kalalaki at kabibigat ang aking mga aklat nang ako ay unang tumuntong ng paaralan. Sinong bata ba ang makakalimot sa mahi-

wagang dilaw na libro ng ABAKADA? Ang mga naglalakihan nitong mga larawan ang nagsilbing unang gabay ng bawat musmos sa kanilang mga unang salita at baybay. Sa bawat malawak na pahina ay mababakas ang aking pagpapahayag ng mga natatagong kong mga saloobin bilang bata, mga saloobing na sa aking imahinasyon lamang nananahan. **Kung tutuusin, hindi pala ang bigat ng indibidwal na pahina ng bawat libro ang nagpapabigat dito, kundi ang timbang ng karunungan na hatid nito**.

Mistulang nagdiyeta ang aking mga libro sa mga panahong inilagi ko sa mataas na paaralan. Manipis at mala-nobela ang dating ng bawat pahina na pinupuno ng mala-munggong mga letra. Unti-unti na ring naglaho ang mga naglalakihang mga larawan na dati'y nagbibigay buhay sa bawat salitang nakalimbag. Ngunit kahit nawala man ang bakas ng aking pagkabata, hindi naman naging balakid ito upang patuloy pa rin akong alalayan ng aking mga libro sa panganib na dala ng bawat pagsusulit. Nagsil-bing *canvas* ang aking libro at ako si Picasso sa bawat palatandaan na aking ginuguhitan gamit ang makukulay kong mga *highlighter*. Sa ganitong paraan, tila naging madali ang pagahahanap ng karayom sa bungkus-bungkos na dayami. Dahil dito, **natutunan ko na ang bawat guro pala ay isang pahina lamang ng libro na hindi pa nababasa ng mga mag-aaral;** mga pahinang nilalaktawan, mga pahinang napupunit, mga pahinang ipinagsasawalang bahala.

*Apple Ipad, Samsung Galaxy Tab, Dell Streak, Amazon Kindle Fire,* ilan lamang ang mga ito sa mga makabagong *ebook reader* na produkto ng modernisasyon—ang mga ito rin ang naging salin ng mga nakagawiang librong limbag sa aking pagtawid sa alambre

ng buhay-kolehiyo. Ang humigit-kumulang pitong pulgadang parihaba na mistulang sangkalan sa kusina ang naging sentro ng atensyon ng bawat mag-aaral ng kasalukuyang henerasyon. Agaw-atensyon din ang iba't-iba nitong mga kulay, hugis, kalidad, at sukat. Samahan pa ng konting *camera, messaging, apps,* mamahaling presyo, at prutas bilang tatak, tiyak na lalo pang madaragdagan ang pagnanais ninuman na makapaguwi ng isang *ebook reader.* Sa tulong ng *internet,* abot kamay na ang milyung-milyong aklat mula sa mga simpleng babasahing pampalipas oras haggang sa mga kumplikadong lathalaing tisis. Hindi na rin kailangang makalbo ng mga kagubatan upang makapaglimbag ng *ebook.* Bukod dito, mas maginhawa ang pagdadala sa iyong mga libro kung ikaw ay may *ebook reader* sapagkat bawat isa nito ay maaring tumumbas sa isang-daang libro o higit pa. Kadalasan, mahirap nang magbasa ng libro pagkagat ng dilim ngunit hindi ito isyu sa libo-libong maliliit na *LED* na nagbibigay liwanag sa bawat *ebook reader.* Bawat pagkukulang ng mga nakalimbag na libro ay pinupunan ng *ebook,* ngunit mayroong mga bagay na hindi mapapantayan kahit gaano pa kagilagilalas ang teknolohiya.

**Lubos akong naniniwala na ang daan patungo sa tugatog ng karunungan ay ang daang mahirap, mabigat, makapal, makulay, at masakit sa likod.**

Sa aking palagay, ang mga nakalimbag na aklat ay mananatiling mahalagang bahagi ng edukasyong Pilipino bagama't patuloy ang paglaganap at pagyabong ng *ebook*. Napadadali man ng *ebook* ang **pamamaraan** ng pagbabasa subalit bigo itong ituro ang **diwa** ng pagbabasa. Marahil ay nababawasan nga ng *ebook* ang bigat ng pasanin ng

mga mag-aaral araw-araw ngunit nababawasan din nito ang mga leksyon na maari nilang matutunan; mga leksyon na sadyang hindi nababasa.

**Ang hagod ng bawat papel, alimusom ng mga pahina, masining na mga guhit, malikhaing mga punit**, lahat ng mga ito ay kumakatawan sa bawat aralin na naipasa ng manunulat sa kanyang mga tagapagbasa sa pamamagitan ng paglilimbag ng kanyang akda, mga aralin na tumatagos maging sa hangganan ng kapanahunan.

Sa pagbabago ng panahon, masasabi kong ang *ebook* at tradisyunal na libro ay marapat lamang na maging magkabahagi sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon. Upang maging mas epektibo ang *ebook,* kailangan ng suporta ng librong nakalimbang, sa parehong paraan ng pagsuporta ng *ebook* sa librong nakalimbag upang maging mas epektibo rin ito.

Ang pag-unlad ay bahagi ng buhay ng tao. Nasa kalikasan ng bawat isa ang udyok ng pagbabago para sa ikabubuti ng marami. Ngunit likas mang maituturing, hindi kailangang lahat sa ating kapaligiran ay magbago, kadalasan, hindi sagot ang pagbabago lamang, bagkus, ang pagkakaunawaan ng "nakasanayan" at ng "mababa-go" ang pinakamainam na tugon sa mga suliranin ng buhay

Kreeeeeeeeeeeeeeekkk—naririnig mo rin ba ang ingit ng pinto?